a Reason to Celebrate

# Ang Diyos ng Pag-asa

WEEK 4

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na inaabangan mo tuwing Pasko? Bakit?
- Naranasan mo na bang magtanim ng isang binhi? Ano ang nagpadali ng paghihintay para sa iyo?
- Magkuwento ng isang karanasan na nagpapakita ng "*expectation versus reality*" o kaibahan ng inaasahan sa katotohanan, na naranasan mo.

## WORD

[12]*Sinabi naman ni Isaias, "Magmumula sa lahi ni Jesse ang isang mamumuno sa mga hindi Judio, at aasa sila sa kanya."* [13]*Nawa ang Diyos na nagbibigay sa atin ng pag-asa ang siya ring magbigay sa inyo ng buong kagalakan at kapayapaan dahil sa inyong pananampalataya sa kanya, para patuloy na lumago ang inyong pag-asa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.* **MGA TAGA-ROMA 15:12–13**

(Basahin din ang **ISAIAS 11:1–10.**)

Sa gitna ng mga pagsubok, madaling mawalan ng pag-asa at mauwi sa desperasyon. Subalit kahit gaano pa kaimposible o kahirap ang ating sitwasyon, palaging may pag-asa sa Diyos. Ipinapakita sa Isaias 11:1–10 ang isang napakaganda at detalyadong paglalarawan ng pag-asa na maaaring matanggap ng lahat sa pamamagitan ni Cristo. Ang pagkakaroon ng pag-asa ay nangangahulugang kahit na tila malungkot at nakakabahala ang mga nangyayari, maaari nating panabikan nang may panatag na kalooban ang mga mangyayari sa hinaharap: ang pag-asang kaligtasan at ang katuparan ng lahat ng ipinangako ng Diyos. Sa araw na ito, titingnan natin kung paano dumating si Jesus upang magdala sa atin ng pag-asa—para sa ating kinabukasan, para sa hinaharap, at maging sa nakaraan natin.

## 1 Si Jesus ang pinagmumulan ng pag-asa para sa lahat.

*Sinabi naman ni Isaias, "Magmumula sa lahi ni Jesse ang isang mamumuno sa mga hindi Judio, at aasa sila sa kanya."*

**MGA TAGA-ROMA 15:12**

Hindi lamang ang mga Judio ang umasa kay Jesus bilang ang Mesias na matagal na hinintay. Kabilang sa plano Niya ang kaligtasan din ng mga hindi Judio—ang mga grupo ng tao na hindi bahagi ng kasunduan Niya sa mga Judio at itinuturing na marumi at hindi karapat-dapat. Sa halip na magkaroon ng katapusang walang pag-asa, ang mga hindi Judio ay nagkaroon ng walang hanggang pag-asa kay Cristo. Dahil dito, magagawa nating panghawakan ang pag-asa na ibinigay sa atin ni Jesus—kahit sino pa tayo at anuman ang naging nakaraan natin.
Sa buhay mo, paano ka natulungan ng pag-asa na mayroon tayo kay Cristo upang pagdaanan ang mga nangyari noong nakaraang taon? Paano mo magagamit ang karanasang ito upang mapalakas ang loob ng ibang tao?

## 2 Pinupuno tayo ni Jesus ng kasiyahan at kapayapaan habang tayo ay naniniwala.

*Nawa ang Diyos na nagbibigay sa atin ng pag-asa ang siya ring magbigay sa inyo ng buong kagalakan at kapayapaan dahil sa inyong pananampalataya sa kanya, para patuloy na lumago ang inyong pag-asa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.*

**MGA TAGA-ROMA 15:13**

Sa patuloy nating pagtitiwala sa Diyos, pinupuno Niya tayo ng nag-uumapaw na kasiyahan at kapayapaan na higit pa sa kakayahan nating maunawaan. Binibigyan Niya tayo ng pag-asa na may katiyakan at katatagan. Ang umasa kay Cristo ay nangangahulugan ng paniniwala sa Kanya—ang tumingin sa Kanya sa kabila ng lahat ng pagsubok na kinakaharap natin. Maaaring patuloy na nagiging magulo ang mga sitwasyon natin sa bawat paglipas ng mga araw, subalit maaari nating panghawakan ang Kanyang mga pangako at hayaang mag-umapaw sa atin ang Kanyang pag-asa. Paano binago ng

kasiyahan at kapayapaan ng Diyos ang pananaw mo sa mga bagay? Paano ka nila nabigyan ng kaginhawaan sa mga panahong ito?

## 3 Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, maaari tayong mag-umapaw sa pag-asa.

*. . . para patuloy na lumago ang inyong pag-asa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.* **MGA TAGA-ROMA 15:13**

Ang kasiyahan, kapayapaan, at pag-asa ay nagmumula lahat sa Diyos. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na nasa atin, maaari tayong magkaroon ng lumalago at nag-uumapaw na pag-asa. Kahit gaano pa man kaalanganin ang kinabukasan, maaari tayong mapuno ng pag-asa dahil alam nating kasama natin Siya. Ang pag-asa na mayroon tayo sa Kanya ay mas higit pa sa anumang naranasan natin sa nakaraan o anumang nararanasan natin sa kasalukuyan. Ano ang sinasabi sa Tito 2:12–14 tungkol sa napakaganda nating pag-asa?

## APPLICATION

- Maglaan ng panahon upang pag-isipan kung saan ka umaasa. Kung umaasa ka sa iba maliban sa Diyos, isuko mo ito ngayon sa Kanya at ipanalangin na Siya lamang ang tanging aasahan mo.
- Ano ang mga bagay na maaari mong ikasiya sa buhay mo ngayon? Ano ang mga ipinagpapasalamat mo sa Diyos?
- Isipin ang mga nasa paligid mo—pamilya, mga kaibigan, kakilala—na nangangailangan ng pag-asa na ibinibigay ni Jesus. Ipanalangin na magkaroon sila ng pag-asa sa gitna ng mga paghihirap.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa walang hanggang pag-asa na ibinigay Niya sa atin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Pasalamatan Siya na ito ay para sa lahat ng tao sa lahat ng sitwasyon at estado sa buhay.
- Isuko ang lahat ng maliliit, at pang-araw-araw na detalye ng buhay mo sa Diyos. Pasalamatan Siya sa nag-uumapaw na pag-asa na ibinibigay Niya sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.
- Pasalamatan ang Diyos para sa kasiyahan at kapayapaan na ibinibigay Niya sa atin sa araw-araw. Ipanalangin na maranasan mo ito nang ganap sa bawat araw at magawa mo itong ibahagi sa iba.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph